Taon 5 Blg 8
Agosto 2010
Email : umangatmigrante@yahoo.com
Web: www.umangat-migrante.com

MPL

MIGRANTE PARTY LIST

Italy Chapter

OPISYAL NA PAHAYAG NG MPL–ITALY CHAPTER

Pahayag ng Migrante

BALITA

E-PASSPORT FEE HIKE AT RA 9679 MANDATORY CLAUSE — TINUTULAN NG MIGRANTE SA ROMA

Pormal na iniharap ng UMANGAT-MIGRANTE Roma ang pagtutol sa pagtaas ng Passport Fee at sa Mandatory Membership Clause ng RA 9679 sa Pasuguan ng Pilipinas sa Italya. Ang Position Letter ng grupo ay ini-abot ng delegasyon na pinangunahan ni Ted Dalisay, Chairman ng UMANGAT—MIGRANTE Rome kay Amb. Romeo Manalo at sa Consular panel nitong 22 ng Hulyo, 2010.

Ang samahang Ugnayan ng Manggagawang Migrante Tungo sa Pag-unlad (UMANGAT-MIGRANTE) ay myembro ng MIGRANTE INTERNATIONAL, pinakamalawak na pandaigdigang alyansa ng mga migranteng Pilipino na nagsusulong ng mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawang migranteng Pilipino.

Napag-usapan sa diskusyon na ang mga hakbang na ito ng pamahalaan ay lalong nagpabigat sa dati nang mabigat na suliraning ekonomiko ng mga migrante at pamilya na karamihan ay nabawasan ng kinikita dahilan sa pagbabawas ng suweldo o ng oras ng trabaho na isang direktang epekto ng kasalukuyang pangdaigdigang krisis-pinansyal. Ang kanilang pamilya ay walang ibang inaasahan sa kanilang kabuhayan maliban sa salaping ipinapadala nila, at hindi nila matatanggap ang mga karagdagan sa mga bayarin na nangangahulugan ng bawas sa ikabubuhay ng mga pamilya. Bukod pa rito, iginiit din ng mga migrante na hindi maaring ipatupad ng DFA ang pagtataas ng Passport Fee habang may usaping nakahain sa Korte Suprema at Ombudsman laban sa mga katiwaliang kaugnay dito.

Isinulong din ng mga migrante ang kalagayan ng ritiradong mga migrante na hindi makabalik sa Pilipinas dahil hindi pinapahintulutan ng pamahalaan sa karamihan ng mga bansa sa Europa na mai-uwi sa kanilang sariling bayan ang pension na kanilang tinatanggap. Bukod pa rito, dahil maliit ang pensyon kaysa sa tinatanggap ng regular na suweldo ng mga manggagawa, sila ay napipilitan pang magtrabaho. Kung babalik sila sa ating bansa, mawawala ng kanilang pensyon. Ang mga pensyonado ay matatanda na at marami sa kanila ay may sakit o kapansanan sa katawan, nangangahulugan din na magbabayad sila ng malaki sa mga manggagamot o hospital bukod pa sa mga gamot sapagkat ang Pamahalaan ng Pilipinas ay walang mahusay na serbisyong pangkalusugan na katulad ng sa Europa. Dito sa Italya, ang mga gastos na ito ay mababa kundi man tahasang libre. Ang mga ritiradong OFWs ay hindi na pinapayagang sumapi sa OWWA at walang karapatan sa tulong ng pamahalaan kung sila ay mamatay sa kabila ng kanilang di masukat na sakripisyo upang buhayin ang kanilang mga mahal sa buhay at sa kanilang malaking naitulong sa paglikha ng yaman ng bansa.

Bagaman naging kordiyal ang pagtanggap ng Emhada sa mga migrante, hindi naging

(*sundan sa pahina 3*)

FEATURE

PAHAYAG SA SONA NI PNOY, HINAPLIT NG MIGRANTE

Noong nakaraang Hulyo 26, 2010 ay idinaos ang SONA o State of the Nation Address ng ating bagong halal na Pangulo na si Pang. Noynoy Aquino III (PNOY). Ayon sa kanyang pahayag ay nakasaad daw sa ating Saligang batas na tungkulin ng estado ang siguruhin walang lamangan sa merkado, bawal ang monopolya at bawal ang mga cartel na sasakal sa kumpetisyon. Kailangan daw natin ang isang anti trust law na magbibigay buhay sa mga prinsipyong ito at ito rin di-umano ang magbibigay ng pagkakataon sa mga small at medium scale enterprises na makilahok at tumulong sa paglago ng ating ekonomiya. Ayon din sa kanya ay kailangan nating maghigpit na sinturon at hindi na dapat tayo pumayag na magkaroon na naman ng ZTE-NBN Deal.

Subalit sa mga pahayag niyang ito kailanman ay wala siyang ipinahayag na solusyon sa mga problema nating mga migrante. Ayon kay Garry Martinez, tagapangulo ng Migrante International, malubha ang problemang kinakaharap ng mga Migrante sa ngayon dahil mayroong 102 na mga kababayan nating OFW ang hinatulan ng death sentence sa ibat-ibang panig ng mundo, 6-10 bangkay ang inuuwi araw-araw sa ating bayan, 4500 pilipino ang pwersahang umaalis araw-araw ng ating bansa at nagiging busabos ng kalagayan sa ibayong dagat, 1665 ang mga biktima ng human trafficking, 16 ang ang kababayang OFW nagdurusa sa bilanguan kahit tapos na ang sentensya at tinatayang 10,000 pilipino OFW ang estranded sa gitnang silangan.

Malinaw na Epekto ito ng patuloy na pagpapatupad ng ating gobyerno ng kanyang Labor export policy na walang ibang intension kung hindi ang pagkakalakal ng ating mga manggagawa sa ibat-ibang panig ng mundo para sa pagkakamal ng malaking ofw remittance na siyang malaking tulong sa ating ekonomiya.

Naglaan naman si Pnoy ng nakakaantig damdaming pahayag para sa ating mga migrante nngg sabihin niya sa kanyang inaugural speech na inaatasan nya ang Dept. of Foreign Affairs (DFA), Overseas Workers Welfare Administration (OWWA at Phil. Overseas EmploymentAgency (POEA) na bigyan tayong mga OFW ng matinong serbisyo. Subalit sa halip na ikatuwa natin ito ay dumidilim ang pananaw nating mga OFW at ating mga pamilya dahil itinalaga nya si Romulo bilang Secretary ng DFA na alam naman natin na ito ay may malaking atraso sa ating mga ofw dahil anim (6) na OFW ang napugutan ng ulo sapanahon ng kanyang panunungkulan sa dfa sa ilalalim ni dating Pang. Gloria Arroyo (GMA).

Sangkot din siya sa anomalya tungkol epassport kung bakit lalo tayong nahihirapan at ang iba pa nating mga kababayan sa pagkuha ng passport, dahil tinaas ang presyo nito mula P950 hanggang P1200 at iba pa ang presyo sa ibat ibang bansa.

Ayon kay PNOy ay dadalhin niya tayo sa landas ng matuwid subalit bakit hanggang sa ngayon ay hindi pa napaparusahan si Gma at ang mga alipores nito na nagsamantala at nagnakaw sa pondo ng ofw at gayundin ay bakit nagpapatuloy pa rin Oplan Bantay Laya (OBL) na siyang dahilan ng walang habas na pagdukot at pagpaslang sa mga lider ng mga ibat-ibang progresibong organisasyon na ang tanging layunin ay paglingkuran ang inaaping mamamayang Pilipino.

Kung gusto niya talaga tayong dalhin sa landas ng matuwid at kung talagang itinuturing niya na tayo ang boss nya ay nararapat na pakinggan at ipatupad niya an gating mga panawagang mga migrante:

- Pigilan ang malawakang at pwersahanng migrasyon sa pamamagitan ng paglikha ng maayos na hanapbuhay na may sapat at nakabubuhay na sahod sa ating bansa para hindi maging busabos sa ibayong dagat tayong mga migrante.
- Litisin at parusahan si GMA at alipores na nagnakaw sa pondo ng ofw at mga sa iba pang krimen na kinasangkutan nito.
- Bigyan ng tunay proteksyon at serbisyo laban sa pang-aabuso at pagsasamanatala tayong mga migrante.

(sundan sa pahina 3

IPINAKIKILALA **ASSOCIATION OF PANGASINENSE IN ROME ITALY (APRI)**

Ang APRI ay itinatag kamakailan ng mga OFWs buhat sa lalawigan ng Pangasinan at ng kanilang pamilya na nagsisipanirahan sa Roma.

Ang Ilan sa kanilang obyetibo:

1. Palakasin at suportahan ang pagkakaisa ng mga kagawad sa pagsusulong ng kanilang mga interes at kagalingan gayundin sa pagkakamit ng solusyon sa mga komon na problema at pangangailangan
2. Sumoporta sa mga programa at mga proyekto ng Pamahalaang Pilipino partikular ang mga inilulunsad ng Phil. Embassy, POLO at OWWA para sa kapakanan ng mga OFWs.

Ang samahan ay panamumunuan ni Ernesto Fonacier, Pangulo, at Mariano Reduca, Pang. Pangulo.

Ang samahang APRI sa kanilang Summer Picnic

- Ni Boyet Carino

Sona ni PNoy… (*buhat sa pahina 2*)

- Bigyang ng Hustisya ang mga ofw na inabuso, piñatay at ginahasa habang nagtratrabaho sa ibayong dagat.
- Tanggalin at ibasura ang lahat ng anti mig-rante at anti mamamayang batas nagpapahirap sa sambayanang Pilipino.
- Itigil ang pagpapatupad sa oplan bantay laya at litisin at parusahan ang mga nagkasala at sangkot sa mga paglabag sa karapatang pantao at bigyang katarungan ang lahat ng nagging biktima ng karahasan at paglabag sa karapatang pantao.

Tayong mga migrante ay palagiang magmamatyag at mag-gigiit sa mga panawagan nating ito kay Pnoy upang nang sa gayon ay mabigyan ng kalutasan ang ating mga suliranin. Nakahanda tayong lumahok sa anumang pagkilos para sa pagpapaabot ng ating mga problema at pagkakamit ng pangunahing solusyon. Tandaan nating na tanging sa ating sama-samang pagkilos lamang natin makakamit ang ating minimithing tagumpay.

MABUHAY ANG MGA MIGRANTENG PILIPINO!!

.

***Ni Alex Reyes,* UMANGAT-MIGRANTE**

E-Passport Fee... (*buhat sa unang* *pahina)*

konsolasyon ang pahayag ng Embahador na tanging Italya at Hong Kong na lamang ang hindi nagpapatupad ng RA 9679. At ayon sa Pag-ibig Officer na humarap sa dialogue, “persuation” lamang ang ginagawa nila, ngunit sa obserbasyon ng Umangat-Migrante, “forced persuations” ang nangyayari. Hindi rin masasagot ng Embahada ang tungkol sa Passport Fee sapagkat nais ng pamahalaan ng mabilang tayo sa mga bansang may mataas na uri ng pasaporte na ngayon ay 60 na ang bilang sa buong mundo. Kaya tanging ang Pambansang Pamahalaan lamang daw ang maaring magpasya dito.

Tungkol naman sa mga retired OFWs, ayon sa Labor Attache at OWWA Welfare Officer, ang membership sa OWWA ay nakabatay sa pagkakaroon ng trabaho kaya ang mga retirado na ay di na pinapayagang maging kagawad dito, at idinagdag ng Ambassador na ang Assistance to National ng mga Pasuguan ay hindi open para sa lahat, at ang mga extreme cases lamang ang maaring mabigyan nito ng tulong.

Hinihintay ngayon ng Umangat-Migrante at ng mga OFWs ng Italya ang magiging kasagutan ng Pangulo ng Pilipinas sa kanilang Position Letter.

Ni Mang Bill

3RD UMANGAT-MIGRANTE FAMILY DAY JULY 4, 2010

Masasayang kwentuhan, palaro, awitan, biruan at pag-uusap tungkol sa kasalukuyang mga isyu. Ito ang naganap sa pagdiriwang ng ikatlong Family Day ng UMANGAT– MIGRANTE noong Hulyo 4, 2010 sa parko ng Pineta Sacchetti na dinaluhan ng mga kagawad at pamilya ng UMANGAT-MIGRANTE at iba pang mga samahan na dumalo sa pagtitipong ito.

Pahayag ng Migrante

EDITORIAL STAFF

Aris Miranda	*Editor in Chief*
Egay Bonzon	*Staff Writer*
Bill Saguing	*Layout and Artworks*
Ed Mariano	*Business Manager*

Mobile : 338 4732743, 338 9707897
E-mail : mpl_03@yahoo.com

Laging makinig sa
UGNAYAN SA HIMPAPAWID
88.9 kHz FM
tuwing linggo 12:05-1:00 pm
tumawag at makilahok sa
tel. 06 4393512
cell. 338 4732743

CAPRICORN
FORWARDERS snc

"BRINGING THE FAMILIES TOGETHER, THOUGH SO FAR, YET SO NEAR, BECAUSE WE HANDLE WITH CARE"

00135 ROMA • VIA LORENZO PANCIATICHI 27
TEL./FAX 06 30820871 - 06 30320571 • EMAIL: capricornforwardersitaly@yahoo.it

FOR MORE INFORMATIONS, PLEASE CALL OR TEXT:
Mr. LEO VIRTUCIO (Gen. Manager) 339 8392472 • Mr. NIEL 339 3055048
Mrs. NENETTE De CASTRO (Asst. Manager) 333 4229026 • JEANNETTE 338 6488791

PROVINCES	SEA CARGO (SIZES)	AIR CARGO (DAYS)
METRO MANILA, RIZAL, CAVITE, LAGUNA, BATANGAS, BULACAN\ PAMPANGA	E 95.00 (JUMBO) E 75.00 (LARGE) E 50,00 (MEDIUM) *32-37 DAYS	E 2.60 / KG (5-7 DAYS) E 2.75 / KG (5-7 DAYS) MINIMUM : 20 KGS
NORTHERN & SOUTHERN LUZON	E 105.00 (JUMBO) E 80.00 (LARGE) E 55.00 (MEDIUM) *35-40 DAYS	E 3 / KG (10=12 DAYS) MINIMUM 25 KGS
VISAYAN REGIONS, MINDORO/PALAWAN	E 125.00 (JUMBO) E 90/00 (LARGE) E 65.00 (MEDIUM) *45-50 DAYS	E3.30 / KG 14-18 DAYS MINIMUM 30 KGS
MINDANAO REGIONS	E 130.00 (JUMBO) E 90.00 (LARGE) E 50.00 (MEDIUM *60-60 DAYS	E 6.30 / KG 15-20 DAYS MINIMUM 30 KGS

Note: ADDITIONAL E20 - 30.00 / BOX FOR OUT OF ROME PICK-UPs.